

TO THE ENDS OF THE EARTH
Ministries

—presents—

ANG
KRISTIYANONG
PAGDIRIWANG
NG
HAPUNANG
PAMPASKUWA



הגדה של פסח
(Haggadah Shel Pesach)

Isinulat at isinaayos ni Jeff Harrison
Isinalin sa wikang Tagalog ni Jeff Harrison, Nilo Claudio, at Marsha Gomez
Copyright © 2000 by To The Ends Of The Earth Ministries, Inc.
www.totheends.com

FROM ISRAEL...

To The Ends Of The Earth



Incredible discoveries in Israel and the Middle East are bringing the world of the Bible to life. Join us in bringing this exciting information to the Ends of the Earth!

TO THE ENDS OF THE EARTH MINISTRIES

- Landmarks of Faith Seminars on Jesus of Nazareth, the Jewish Roots of Christianity, and The Book of Revelation
- Christian missionary outreach to the Philippines and Asia to train pastors and church leaders with information from Israel
- Tours of Israel and the Middle East
- Audio Tapes and Study Materials

E-mail: Jeff@totheends.com Philippines Phone: 049-541-0771

Check out our web site at www.totheends.com !

ANG KRISTIYANONG PAGDIRIWANG NG HAPUNANG PAMPASKUWA

הגדה של פסח

(Haggadah Shel Pesach)

Ang Hapunang Pampaskuwa ay ipinagdiriwang ng mga Hudyo halos taontaon mula nang ipag-utos ito ng Diyos sa pamamagitan ni Moises 3,446 taon na ang nakalilipas. Si Jesus na taga Nazaret ay ipinagdiriwang ang hapunang ito sa bawat taon ng kanyang buhay dito sa lupa. Sa kanyang huling Hapunang Pampaskuwa na ginawa niya kasama ang kanyang mga disipulo, ipinaliwanag ni Jesus ang kahulugan ng pagdiriwang sa isang bagong paraan. Ito ang pinagmulan ng tinatawag na Komunyon.

Ang mga sumusunod ay hango sa kinaugaliang Hapunang Pampaskuwa ng mga Hudyo, kasama ang ilang mga pangyayari sa huling Hapunang Pampaskuwa ni Jesus. Ang paliwanag Kristiyano ay ibibigay ng Tagabasa #1 at Tagabasa #2.

Magbabasa para sa Hapunang Pampaskuwa: Tagabasa #1, Ina, Tagabasa #2, Ama, Pinakabata.

Magbabasa para sa Hapunang Panginoon: Tagapagsalaysay, Hesus, Pedro, at Juan. Walang bahaging babasahin: Hudas.

PAMBUNGAD

Tagapagsalaysay

Ang Panginoon ay nagsalita kay Moises at sinabi, “Ito ang mga takdang araw ng PANGINOON, mga pagtitipon na may kabanalan na inyong tatawagin sa kanilang mga takdang araw. Sa unang buwan, sa ika-14 na araw, sa takpasilim, ay ang PASKUWA ng PANGINOON.” *(Levitico 23:4,5)*

“At sa unang mga araw na walang lebadura ang mga disipulo ay lumapit kay Hesus at nagsabi, ‘Saan mo nais naming ipaghanda kayo para kumain ng Hapunang PASKUWA?’ At siya ay nagsabi, ‘Pumunta ka sa lungsod, sa isang tao, at sabihin sa kanya, ‘Sinabing guro, ‘Ang aking takdang oras ay malapit na, sa inyo ipagdiriwang ko ang Paskuwa kasama ang mga disipulo ko.’” At ang mga disipulo ay gumawa ayon sa ipinag-utos ni Hesus sa kanila, at sila’y naghanda ng PASKUWA.” *(Mateo 26:17-19)*

Lahat
Maranatha. Dumating ka agad, Panginoon.

Tagabasa #1
Panginoon Hesus, dumating ka agad, at iligtas mo kami mula sa buhay na ito ng sanlibutan tungo sa makalangit na HERUSALEM. Para sa kanya, sinasabi namin kasama ng iyong bayang Israel, “Sa susunod na taon sa HERUSALEM!”

Lahat
Sa susunod na taon sa HERUSALEM!

Tagapagsalaysay
Nanguna sa pag-awit ng L'SHANA HA-BAHA B'YERUSHALAIM.

L'shana ha-baha b'Yerushalaim (4x)

Salin sa Hebreo:
Sa susunod na taon sa Jerusalem!

PAGSISINDI NG MGA ILAWAN נר של יום טוב
(Ner Shel Yom Tov)

Tagabasa #1
Sa pasimula ng bawat Sabbat o Banal na Araw ng mga Hudyo, sa bawat pamilyang Hudyo, ang dalawang ilawan ay sinisindihan bilang tanda ng pasimula ng araw ng pamamahinga sa takip-silim.

Ina
Maglalagay ng palandong sa ulo at sisindihan ang mga ilawan. Pagkatapos itataas ang mga kamay sa Panginoon. Baruch attah Adonai Eloheinu, Melech Ha'Olam. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na nagpabanal sa amin sa pamamagitan ng iyong mga kautusan at ipinag-utos mo sa amin na magsindi ng mga ilawan ng Paskuwa.

ANG HAPUNAN NG PANGINOON
(Lucas 22:14-16)

Si Jesus at ang mga alagad ay pumasok at humilig sa mesa.

Tagapagsalaysay
At nang ang oras ay sumapit na, siya ay humilig sa mesa at gayundin ang mga disipulo. At sinabi niya sa kanila:

Hesus
Aking pinakamimithi na makasalo kayo sa pagkain ng Paskuwang ito bago ang aking pagdurusa. Sapagkat sinasabi ko sa inyo na hinding-hindi na ako muling kakain ng Paskuwa hanggang ang Paskuwa ay natupad na sa kaharian ng Diyos.

ANG PAGPAPALA NG ARAW קדש
(Kaddesh)

Tagabasa #2
Ang Hapunang Pampaskuwa ay nagsisimula sa pagsalalin ng unang saro, ang SARO NG KABANALAN. Ang bunga ng puno ng ubas ay tanda ng kagalakan. Ang pagpapala ay pagdiriwang ng paghihiwalay ng kanyang mga hinirang para sa kaligtasan.

Ang lahat ay magsalin sa unang saro—huwag munang inumin.

Ama

Itinataas ang kanyang saro. Baruch attah Adonai Eloheinu, Melech Ha'Olam. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, Manlilikha ng bunga ng puno ng ubas.

Lahat

Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na humirang sa amin mula sa lahat ng mga lahi sa mundo, at NAGPABANAL sa amin sa pamamagitan ng iyong mga utos. Binigyan mo kami, bilang isang pamana, ng mga BANAL na araw ng pagsasaya, ng mga kapanahunan ng kagalakan, at ang araw na ito na Pista ng Paskuwa, ng kapanahunan ng aming kalayaan, upang maging isang BANAL na pagtitipon—panahon upang alalahanin ang aming pag-alis mula sa Ehipto. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na patuloy kaming binigyan ng buhay, itinaguyod, at idinako kami sa kapanahunang ito.

Ang lahat ay uminom mula sa SARO NG KABANALAN.

PAGHUHUGAS NG MGA KAMAY

ורחץ
(Urchats)

Tagabasa #1

Ang mga kamay ay hinuhugasan bago magsimulang kumain. Ang gawaing ito ng paghahanda ay tanda ng kalinisan.

Ang pitsel, palanggana, at tuwalya ay ipinapasa. Ang bawat isa ay maghuhugas ng kamay sa pamamagitan ng pagbubuhos ng tubig sa bawat kamay na sinasaluhan ng palanggana sa ilalim.

MAPAIT NA GULAY

כרפס
(Karpas)

Tagabasa #2

Ang unang kakainin ay isang piraso ng mapait na gulay na isinawsaw sa maalat na tubig. Ang mapait na lasa ay nagtatakda ng unang bahagi ng kainan. Ang pagpapala ay isang paalala para pasalamatang ang Diyos kahit na sa mapapait na bagay ng buhay.

Ama

Isinasawsaw ang piraso ng mapait na gulay sa maalat na tubig at itinaas ito. Baruch attah Adonai Eloheinu, Melech Ha'Olam. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na lumikha ng bunga ng lupa.

Salin ng Hebreo:

Pagpalain siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon.

Ang iba pang naaangkop na awitin ay maaari ring awitin sa oras na ito.

Ama

Itinataas ang kanyang saro. Baruch attah Adonai Eloheinu, Melech Ha'Olam. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, Manlilikha ng bunga ng puno ng ubas.

Ang lahat ay uminom sa ikaapat na saro, ang SARO NG PAG-ASA.

ANG PINAKAHULING PAGPAPALA

נרצה
(Nirtza)

Ama

Nalulugod kaming purihin ka O Panginoon naming Diyos. Isang kaluguran ang umawit ng papuri sa iyong pangalan. Ang hininga ng lahat ng may buhay ay magpupuri sa iyong pangalan. At ang espiritu ng lahat ng laman ay patuloy kang sasambahin at itataas, O aming Hari. Mula magpakawalang hanggan hanggang magpakawalang hanggan ikaw ay Diyos, maliban sa iyo ay wala ng Hari, Manunubos, o Tagapagligtas.

Tagabasa #2

O Diyos, tanggapin mo nawa itong aming mga papuri ngayong gabi at ito ang aming pagdiriwang ng iyong Paskuwa. Nawa ang katotohanan na naalala namin ngayong gabi ay manatiling buhay sa aming puso na tila apoy na nagniningas at mabigyang sigla kami na isuko ang aming buhay ng buong-puso sa iyo. At ipaalala nawa nila sa amin na ipanalangin ang iyong banal na lahi, ang mga Hudyo, na makilala nila na ang kanilang Mesias na si Hesus, ay dumating na. Panginoon kami'y nananalangin para sa kapayapaan ng HERUSALEM. At hinihiling namin sa iyo na dalhin mo kami ng ligtas sa susunod na taon, at muling maipagdiwang namin ang Paskuwa. Ito ang aming hiling sa pangalan ni Hesus.

Lahat

Amen.

Tagabasa #1

At ngayon, kasama ng lahat ng mga banal, sabihin natin, “Maranatha. Dumating ka agad, Panginoon.”

ANG SARO NI ELIAS

אליהו הנביא

(Eliyahu Ha-Navi)

Ama

Sa mga kabataan: Pumunta kayo sa pinto at tingnan ninyo kung na-roon si ELIAS. *Ang mga kabataan ay pumupunta sa may pintuan, binubuk-san, tinitingnan, at pagkatapos bumabalik.* Nariyan ba siya?

Sagot ng mga kabataan.

Tagabasa #1

Ang Biblia ay nagsasabi na si ELIAS ay darating upang ipahayag ang pagdating ng Mesias. Ito ay tinupad ni Juan Bautista nang kanyang sabihin, “Masdan ang kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.” (Juan 1:29) Ngunit ang panahon ng ating paghihintay ay hindi pa tapos. Bagamat ang Mesias ay dumating na minsan, siya ay muling babalik upang wasakin ang kanyang mga kaaway at manatili sa atin magpakailan man.

Ang lahat ay magsalin sa ikaapat na saro (huwag munang inumin), ang SARO NG PAG-ASA, at gayundin sa isang baso para kay Elias sa gitna ng hapag.

Tagapagsalaysay

Nangunguna sa pag-awit ng ELIYAHU HA NAVI.

**Eliyahu ha-navi, Eliyahu ha-Tishbi,
Eliyahu, Eliyahu, Eliyahu ha-Giladi.
Bimhera v'yamenu, yavo elenu
Im Mashiach ben David, im Mashiach ben David.**

Salin ng Hebreo:

Elias ang propeta, taga-Tishbeh, taga-Gilead
Na nasa amin habambuhay, nawa'y dumating ka agad
Kasama ang Mesias, Anak ni David

MGA AWIT NG PAPURI

הלל

(Hallel)

Tagapagsalaysay

*Nangunguna sa pag-awit ng BARUCH HABA B'SHEM ADONAI
(Psalm 118:26)*

**Baruch haba b'shem Adonai, Aleluya (2x)
Baruch haba b'shem Adonai (2x)**

Ang lahat ay kumain ng piraso ng mapait na gulay na isinawsaw sa maalat na tubig.

PAGHAHATI NG GITNANG MATZA

יחץ

(Yachats)

Tagabasa #1

Pagkatapos, ang walang lebadurang tinapay na kung tawagin ay matza sa Hebreo, ay hinati. Ang tatlong matza na binalot sa isang tela ay tanda ng Tatlong Persona sa Isang Diyos. Ang nasa gitna lang na matza ang hinati, tanda ng pagkamatay ni Jesus.

Ama

Kinukuha ang tatlong matza na nababalot sa tela. Inaalis ang matza na nasa gitna at hinati sa dalawa. Binabalot ang malaking bahagi sa isang lampin at itinatago ito sa ilalim ng kutson sa kinauupuan niya. Ibinabalik ang kalahati ng natirang matza sa tela kasama ng dalawang matza.

Tagabasa #2

Ang itinagong matza ay tanda ng pagkakalibing kay Jesus.

ANG KUWENTO NG PASKUWA

מגיד

(Maggid)

Ama

Itinataas ang nababalot na mga matza.

Lahat

Ito ang pagkain ng kapighatian na kinain ng ating mga ninuno sa lupain ng Ehipto. Hayaan ang lahat ng nagugutom na lumapit at kumain, hayaan ang lahat ng may pangangailangan ay lumapi't at ipagdiwang ang Paskuwa.

*Ang lahat ay magsalin muli sa kanilang saro (huwag munang inumin).
Ito ang pangalawang saro.*

Tagabasa #1

Ang pangalawang saro ay ang SARO NG PAGTUTURO.

Pinakabata

Bakit kakaiba ang gabing ito? Sa mga gabing nakaraan ay kumakain

tayo ng alinman sa tinapay na may lebadura at ng walang lebadura; bakit ngayong gabi ay walang lebadurang tinapay lamang? Sa mga nakaraang gabi kumakain tayo ng anumang uri ng gulay; bakit ngayon ay pawang mapapait lamang? Sa mga nakaraang gabi ay hindi natin isinawsaw ang gulay sa maalat na tubig; bakit ngayong gabi ay isinawsaw natin? Sa mga nakaraang gabi ang aming mga ninuno ay kumakain ng nakahilig o di kaya’y nakaupo. Bakit ngayong gabi lahat sila ay nakahilig?

Ama

Ang gabing ito ay naiiba sa lahat ng mga gabi, dahil ngayong gabi ay ipinagdiriwang natin ang pagkakaligtas ng Israel, mula sa pagkaalipin patungo sa kalayaan mula sa paghihirap tungo sa pagpapala. Aking sasagutin ang lahat ninyong katanungan ngunit makinig kayong mabuti.

Tagabasa #2

“At mangyari na sasabihin ng inyong mga anak sa inyo, ‘Ano ang kahulugan ng tradisyon na ito sa inyo?’ At inyong sasabihin, ‘Ito ay Paskuwa ng pagsasakripisyo sa PANGINOON, na dumaaan sa mga bahay ng mga anak ng Israel na nasa Ehipto nang kanyang parusahan ang Ehipto, at kanyang iningatan ang lahat sa ating mga bahay.’” (*Exodo 12:26-27*)

Lahat

Tayo ay mga dating alipin ng Faraon sa lupain ng Ehipto, ngunit ang Panginoon nating Diyos ay iniligtas tayo sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay at bisig na nakalahad. At kung hindi niya hinango mula sa Ehipto ang ating mga ninuno, tayo, ang ating mga anak, at anak ng ating mga anak ay mananatiling alipin sa lupain ng Ehipto.

Ama

Maraming taon na ang nakalilipas sa Ehipto, ang mga anak ng Israel ay sapilitang pinagagawa ng matagal at labis sa araw-araw. Sila’y pinagawa ng mga bato mula sa putik, para ang Faraon ay may itayong palasyo at lungsod para sa sarili niya. At kung hindi sila nagtatrabaho ng husto, sila’y hinahagupit at pinapalo ng mga tagapagbantay ng Faraon. Kaya ang mga anak ng Israel ay umiyak sa Panginoon. At ang Diyos sa kalangitan ay nakita ang kanilang pagluha at narinig ang kanilang panawagan sa paghingi ng tulong. At kanyang isinugo si Moises sa Faraon at winika, “Ang sabi ng PANGINOON, ‘Palayain mo ang aking mga anak.’”

ANG HAPUNAN NG PANGINOON

(*Lucas 22:20,17,18 katulad Mateo 26:27-29*)

Tagasalaysay

Si Hesus ay nagbigay din ng isang bagong kahulugan sa SARO NG KATUBUSAN.

Hesus

Itinataas ang kanyang saro. Baruch atah Adonai Eloheinu, Melech Ha’Olam. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, Manlilikha ng bunga ng puno ng ubas. *Tumitingin sa kanyang mga disipulo.* Ang sarong ito na ibinubuhos ko para sa inyo ay ang Bagong Tipan sa aking dugo. Kunin ninyo ito at ibahagi sa inyong mga sarili, dahil sinasabi ko sa inyo, hinding-hindi ako iinom mula sa bunga ng puno ng ubas mula ngayon hanggang dumating ang kaharian ng Diyos.

Tagasalaysay

Sa Lumang Tipan, winisik ni Moises ang dugo sa mga anak ng Israel upang ipakita ang kanilang pagtanggap sa pakikipagtipan nila sa Diyos. Kapag ininuman natin ang saro na ito, ipinakikita natin ang ating pagtanggap sa Bagong Tipan na itinatag ni Hesus sa pamamagitan ng kanyang dugo; isang pagkikipagtipan na nagbibigay sa atin ng KATUBUSAN mula sa ating mga kasalanan at nagbibigay sa atin ng buhay na walang hanggan.

Ama

Itinataas ang kanyang saro. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, Manlilikha ng bunga ng puno ng ubas.

Tagasalaysay

Tayo ay manalangin. Amang nasa langit, nawa’y maipahid namin sa aming buhay ang dugo ni Hesus, upang kami ay makabahagi sa Bagong Tipan at makasama niya kami sa kaharian ng kanyang Ama.

Lahat

Amen. *Ang lahat ay umiinom sa ikatlong saro, ang SARO NG KATUBUSAN.*

Tagabasa #2

Ang SARO NG KATUBUSAN ay tanda ng dugo ni Hesus. Ang Biblia ay nagtuturo sa atin na ang buhay ay nasa dugo. (*Levitico 17:11,14*) Kapag tayo ay umiinom ng dugo ng Bagong Tipan, tayo’y umiinom ng buhay ni Hesus, na siya nating buhay, ngayon at magpakailan man.

Ama

Ipinapasa ng ama ang NAKATAGONG TINAPAY at ang bawat isa ay kumukuha ng kapiraso at hinahawakan ito.

Tagasalaysay

Tayo ay manalangin. Amang nasa langit, nagpapasalamat kami sa iyong paghahandog ng iyong Anak na si Hesus sa krus para sa amin. Sana ay tanggapin namin ang kanyang kamatayan para sa aming sarili bilang isang sakripisyo para sa aming kasalanan, sa pangalan ni Hesus. Amen.

Lahat

Amen. *Kumakain ang lahat ng tinapay.*

Tagabasa #1

Ang NAKATAGONG TINAPAY ay kumakatawan sa Anak ng Dios. Sa pasimula ng hapunan, ang paghahati ng gitnang matza ay kumakatawan sa kamatayan ni Hesus, ang Mesias, sa krus. Ang nahating piraso ay “inilibing” gaya ng kay Hesus, ngunit ngayon ay inilabas bilang tanda ng kanyang pagkabuhay na muli. Habang kinakain natin ito, inaalala natin hindi lamang ang kanyang kamatayan, kundi ang kanyang tagumpay laban sa kamatayan, at ang kanyang pagkabuhay na muli tungo sa buhay na walang hanggan.

PAGPAPALA PAGKATAPOS NG HAPUNAN

ברך
(Barekh)

*Ang lahat ay magsasalin sa ikatlong saro,
ang SARO NG KATUBUSAN (huwag munang inumin).*

Ama

Itinataas ang saro. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na nagtataguyod sa buong mundo sa pamamagitan ng iyong kabutihan, habag, kabaitan at pakikiramay, at nagbibigay sa atin ng pagkain mula sa lupa.

Lahat

Nagpapasalamat sa iyo Panginoon naming Diyos sa pagkaing ibinibigay mo at ipinagtataguyod sa amin sa bawat araw at sa bawat oras. Mahabag ka, Panginoon naming Dios, sa Israel, sa mga anak mo, at sa Herusalem, ang iyong lungsod, at sa kaharian ng bahay ni David na iyong Pinahiran. Aming Diyos at Ama, pastulan mo kami, pakainin, alalayan, itaguyod, at bigyan ng kagaanan sa aming mga paghihirap.

Tagapagsalaysay

Nangunguna sa pag-awit ng LET MY PEOPLE GO.

**When Israel was in Egypt's land, Let my people go
Oppressed so hard they could not stand, Let my people go
Go down Moses 'way down to Egypt's land,
Tell old Pharaoh, "Let my people go!"**

Ama

Ngunit ang Faraon ay tumutol na palayain ang mga anak ng Israel. Kaya nagpadala ang Diyos ng sampung kakila-kilabot na salot laban sa mga taga Ehipto.

Lahat

Sa bawat pagbanggit sa salot ilagay ang daliri sa saro at magwisik ng isang patak ng katas sa kanyang plato. Dugo. Mga palaka. Mga niknik. Mga kulisap. Sakit ng mga hayop. Mga pigs. Ulang may malaking tipak ng yelo. Mga balang. Kadiliman. Pagkamatay ng mga panganay.

Ama

At hindi na makatanggi ang Faraon. Kaya si Moises at ang mga anak ng Israel ay tumakas at umalis patungo sa disyerto.

Ngunit pagkatapos nilang umalis ay nagbago ang isipan ng Faraon at sumakay sa kanyang karwahe para tugisin sila. Kasama ang malaking hukbo hinabol sila ng Faraon sa disyerto. Nang makita siya ng mga anak ng Israel na dumarating, sila'y natakot, sapagkat ang kanilang daraanan ay sukol ng karagatan. Ngunit tumawag si Moises sa Panginoon. At inabot sila ng Diyos at hinati ang karagatan. Sa tuyong lupa sila'y tumawid patungo sa kaligtasan. Nang subukan ng hukbo ng Faraon na tumawid, bumalik ang tubig at silang lahat ay nalunod. Si Moises at ang mga anak ng Israel, ay nakaligtas mula sa panganib at malayang nagtungo sa Lupang Pangako.

Tagabasa #1

“Sinubukan ba kahit kailan ang sinumang diyos na pumunta at alisin sa kanyang sarili ang isang bansa mula sa ibang bansa sa pamamagitan ng mga pagsubok, mga tanda, at mga bagay na kagila-gilalas at digmaan at may makapangyarihang kamay at nakalahad na bisig, at malaking himala katulad ng lahat ng ginawa ng PANGINOON ninyong Diyos para sa inyo sa Ehipto sa harap ng inyong mga mata?” (Deuteronomio 4:34)

Tagapagsalaysay
Nangunguna sa pag-awit ng DAYENU ("Sa bagay lang na iyon tayo'y dapat ng magpasalamat")

Da-da-yenu, da-da-yenu, da-da-yenu, dayenu, dayenu, dayenu
Da-da-yenu, da-da-yenu, da-da-yenu, dayenu, dayenu.

- 1) **Had he brought us out of Egypt, but not split the sea before us, Brought us out of Egypt, well then—Dayenu!**
- 2) **Had he split the sea before us, but not fed us in the desert, Split the sea before us, well then—Dayenu!**
- 3) **Had he fed us with the manna, but not brought us to Mount Sinai, fed us us with the manna, well then—Dayenu!**
- 4) **Had he brought us to Mount Sinai, but not led us into Israel, Brought us to Mount Sinai, well then—Dayenu!**
- 5) **Had he led us into Israel, but not given us the prophets, Led us into Israel, well then—Dayenu!**
- 6) **Had he given us the prophets, but not built for us the Temple, Given us the prophets, well then—Dayenu!**
- 7) **Had he built for us the Temple, but not promised us Messiah, Built for us the Temple, well then—Dayenu!**

Tagabasa #2

Ang Rabbi na si Gamaliel ay dating nagwika, “Ang bawat isa ay dapat pakaisipin ang tunay na kahulugan ng mga tatlong tandang ito: Ang KORDERO NG PASKUWA, ang WALANG LEBADURANG TINAPAY, ang MAPAIT NA GULAY; dahil kung hindi, ang pagsasalاران ng kasaysayan ng Paskuwa ay hindi ganap.”

Ama

Itinataas ang buto ng KORDERO. Sa gabing yaon, bago lisanin ng mga anak ng Israel ang Ehipto, ang Diyos ay nagsalita kay Moises: “Magsalita sa lahat ng kalipunan ng Israel, sabihin...bawat isa ay kukuha para sa kanilang sarili ng KORDERO ayon sa sambahayan ng kanilang mga ama, ng KORDERO para sa bawat sambahayan.... At kanilang kakatayin ito, ang buong kapulungan ng kalipunan ng Israel sa takip-silim. At kukuha sila ng dugo at ipapahid sa dalawang hamba at sa tuktok ng pintuan sa mga bahay na kung saan nila pagkakainan ito. At kakain sila ng laman sa gabing iyon, inihaw sa apoy.” (*Exodo 12:3,6-8*)

Gayon nga ang ginawa ng mga anak ng Israel ayon sa utos ni Moises. Nagpatay sila ng KORDERO, isa para sa bawat pamilya, at nagpahid sila ng dugo nito sa mga hamba at sa tuktok ng pintuan nila. At inihaw nila ito at kinain kasabay ang hapunan na hindi lumalabas sa kanilang bahay hanggang kinabukasan. Nang gabi ring yaon ang anghel ng kamatayan ay lu-

gawa mo, gawin mo agad.

Umaalis si Judas.

ANG NAKATAGONG TINAPAY

צפון
(Tzaphun)

Tagabasa #2

Pagkatapos ng hapunan, ang Paskuwa ay nagpapatuloy kasabay ng isang palaro.

Ama

Sa mga kabataan: Sino ang makakahanap sa NAKATAGONG TINAPAY?

Ang mga kabataan ay hahanapin ito, ng may tulong kung kailangan at ibinibigay ito sa Ama, na siyang humahawak nito.

ANG HAPUNAN NG PANGINOON

(*Lucas 22:19*)

Tagasalaysay

Nang dumating si Hesus sa bahaging ito ng hapunan, ipinaliwanag niya ang kahulugan ng NAKATAGONG TINAPAY na naiiba sa una ng narinig ng mga disipulo.

Hesus

Itinataas ang matza. Baruch attah Adonai Eloheinu, Melech Ha'Olam. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na nagdala ng tinapay mula sa lupa. *Hinahati ang tinapay sa dalawa.* Ito ang katawan ko, na ibinigay para sa inyo. Gawin ito sa pag-alaala sa akin. *Ibinibigay ang dalawang hati sa mga disipulo na kumukuha ng kapiraso at hahawakan muna.*

Tagasalaysay

Maaari lang tayong mag-isip kung ano ang nasa isip ng mga disipulo nang marinig nila ito. Hindi nila alam na si Hesus ay ipapako sa krus kinau-magahan. Ngunit batid ni Hesus ito. Ang tinapay na kanyang hinati noong gabi ay tanda ng kanyang katawan, na ibinigay niya para sa atin bilang handog. Siya ay ang ating kordero ng Paskuwa, “na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.” (*Juan 1:29*)

Ang bawat isa ay kumukuha ng dalawang maliit na piraso, at nilalagyan ng mapait na gulay at kharoset ang pagitan na parang “sandwich.”

Lahat

Itinataas ng lahat ang sandwich ng mapait na gulay. “At kakainin nila ito kasama ng mga matza at mapait na gulay.” (Exodo 12:8) Lahat ay kumakain ng “sandwich.”

PANGUNAHING PAGKAIN

שלחן עורך
(Shulhan Orekh)

Sa oras na ito, ang lahat ay makakakain na ng malaya. Ayon sa kinauugalian, ang unang kinakain ay ang isang itlog na isinawsaw sa maalat na tubig.

Pagkatapos kumain, ang bawat isa ay maghuhugas ng kamay at maghihintay sa tagasalaysay para magsimula.

ANG HAPUNAN NG PANGINOON

(Juan 13:21-30)

Tagasalaysay

Habang naghahapunan si Hesus ay nabalisa sa espiritu.

Hesus

Amen, amen, sinasabi ko sa inyo, na isa sa inyo ay magkakanulo sa akin.

Tagasalaysay

Si Juan ay nakahilig katabi ni Hesus. Dahil dito kaya tinanong ni Pedro si Juan:

Pedro

Sabihin mo sa amin, sino ang tinutukoy niya?

Juan

Humilig sa dako ni Hesus. Panginoon, sino siya?

Hesus

Sa isa na pagbibigyan ko ng isinawsaw na pirasong ito. *Isinasawsaw ni Hesus ang piraso sa nilapa at iniaabot kay Judas.* Kung ano ang gina-

mukob sa Ehipto. At sa bawat bahay na walang dugo ng KORDERO sa kanilang mga hamba at tuktok ng pintuan, ang panganay na anak ay nangatay. *Ipinapasa ang buto ng KORDERO paikot sa hapag kainan, upang mahawakan ito ng lahat.*

Tagabasa #1

Ang dugo ng KORDERO ang siyang nag-ingat sa mga anak ng Israel mula sa paghuhukom ng Diyos gaya ng pag-iingat ng dugo ni Hesus sa mga naniniwala sa kanya. Ang Biblia ay tinatawag si Hesus na “ating KORDERO NG PASKUWA.” (1 Corinto 5:7) Ibinigay niya ang kanyang buhay upang tayo ay pangalagaan mula sa paghuhukom na darating sa buong mundo.

Ang mga anak ng Israel ay kinakailangang maglagay ng dugo ng kordero sa kanilang mga pintuan. Gayon din tayo ay kailangang makita sa ating mga tahanan at sa ating mga buhay ang kahulugan ng dugo ni Hesus sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanya at ipahayag siya sa lahat ng tao.

Ama

Itinataas ang piraso ng MAPAIT NA GULAY. “At kakain sila ng laman sa gabi ring iyon, inihaw sa apoy, at kakainin nila ito kasabay ng walang lebadurang tinapay at MAPAIT NA GULAY.” (Exodo 12:8) Ngayong gabi kumakain tayo ng MAPAIT NA GULAY para ipaalala sa atin ang mga MAPAPAIT na araw ng pagka-alipin sa Ehipto. Isinasawsaw natin ito sa kharoset upang ipaalala sa atin ang hirap ng paggawa ng pagtatayo ng tisa at semento, at sa maalat na tubig para ipaalala sa atin ang ating mga luha.

Tagabasa #2

Ang buhay na wala si Hesus ay MAPAIT at ang bunga nito ay kamatayan. Ang Banal na Aklat ay nagsasabi na “tayong lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.” (Roma 3:23) Sa pamamagitan ng pagsunod sa kasalanan tayo’y naging “alipin ng kasalanan.” (Roma 6:17) Ito ang MAPAIT nating pagka-alipin. Ngunit sa pamamagitan ni Hesus, ang ating Mesias, maaari tayong lumaya.

Ama

Itinataas ang piraso ng TINAPAY NA WALANG LEBADURA. “At kakain sila ng laman sa gabi ring iyon, inihaw sa apoy, at kakainin nila ito kasabay ng TINAPAY NA WALANG LEBADURA.” (Exodo 12:8) Kumakain tayo ng TINAPAY NA WALANG LEBADURA upang alalahanin ang pagdudumali ng mga anak ng Israel na lisanin ang Ehipto. Ni wala silang panahon upang lagyan ng pampaalsa ang tinapay bago sila dinala sa kaligtasan.

Tagabasa #1

LEBADURA o pampaalsa ay naglalarawan ng kabuktutan ng kasalanan. “Ating ipagdiwang ang kapistahan, hindi sa lumang LEBADURA, ni sa LEBADURA ng masamang pag-iisip at kabuktutan kundi sa WALANG LEBADURANG TINAPAY ng katapatan at katotohanan.” (1 Corinto 5:8) Ang mga anak ng Israel ay kaagad umalis nang ang Diyos ay gumawa ng daan ng pagtakas. Maging tayo ay makakaalis sa mundo ng kasalanan ng biglaan, ating iwanan ang lebadura ng kasalanan. Ngayon ang “araw ng kaligtasan” dahil sa gawa ni Hesus, ang ating Mesias at ating Panginoon. (2 Corinto 6:2)

Ama

Ang ating mga anak ay nagtatanong din kung bakit ang ating mga ninuno ay kumaing NAKAHILIG sa gabing ito. Ang ating kapahingahan ay tanda ng ating kalayaan mula sa pagkaalipin at ating pagkakaaligtas sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay ng Diyos.

Pagpalain ang Diyos na tumatalima sa kanyang pangako sa Israel. Sapagkat binalak niya noon pa mang araw ang katapusan ng ating pagkaalipin.

Lahat

Kaya nga kami ay nagpapasalamat, nagpupuri, itinataas, sinasamba, nagagalak, nagpapala, gumagalang sa kanya na siyang gumawa ng lahat ng himala para sa ating mga ama at sa atin. Hinango niya tayo mula sa pagkaalipin tungo sa kalayaan, mula sa kalungkutan tungo sa kaligayahan, mula sa pagluluksa tungo sa pagsasaya mula sa kadiliman tungo sa malaking liwanag at mula sa pagkagapos tungo sa kalayaan!

Ama

Itinataas ang pangalawang saro, ang SARO NG PAGTUTURO. Baruch attah Adonai Eloheinu, Melech Ha'Olam. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na nagligtas sa amin at aming mga ama, at nagdala sa amin sa gabing ito para kumain ng tinapay na walang lebadura at mapait na gulay.

Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na lumikha sa bunga ng puno ng ubas.

Lahat ay uminom sa saro.

MAGHUGAS NG KAMAY BAGO KUMAIN

רחצה

(Rachtsa)

Lahat

Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na ginawa kaming banal sa pamamagitan ng kautusan at nag-utos sa amin tungkol sa paghuhugas ng mga kamay. *Ang bawat isa ay maghugas ng mga kamay.*

PAGPAPALA SA MATZA

מוציא מצה

(Motzi Matza)

Ama

Itinataas ang nakabalot na matza. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na nagdala ng tinapay mula sa lupa.

Ipinapasa ang nasa ibabaw na matza at kumuha ang bawat isa ng maliit na piraso (huwag munang kainin).

Lahat

Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na ginawa kaming banal dahil sa iyong kautusan at nag-utos sa amin tungkol sa pagkain ng tinapay na walang lebadura. *Ang lahat ay kumain ng maliit na piraso ng tinapay.*

MAPAIT NA GULAY

מרור

(Maror)

Lahat

Ang lahat ay nagsasawsaw ng mapait na gulay sa kharoset, at itinataas ito. Pagpalain ka, Panginoon naming Diyos, Hari ng Sandaigdigan, na ginawa kaming banal sa pamamagitan ng iyong kautusan at nag-utos sa amin tungkol sa pagkain ng mapait na gulay. *Lahat ay kumakain ng mapait na gulay.*

MAPAIT NA GULAY AT TINAPAY

כורך

(Korekh)

Ama

Ipinapasa ng Ama ang nasa ilalim na matza.